

2020/2021

Aplikasyon ng Sambahayan para sa Mga Pamamaraan sa Tulong na Pananalapi sa Estudyante



Student Finance Office
Working Family and Student Financial Assistance Agency

(Tagalog)

Ang "Form ng mga Pamamaraan sa Tulong na Pananalapi sa Estudyante" ay batay-sa-pamilya na form ng aplikasyon na tumutulong sa mga pamilya na may (mga) anak na nag-aaral sa primarya o sekundaryong (mga) paaralan o (mga) sentro ng pangangalaga ng (mga) kindergarten / bata na mag-aaplay para sa pinansyal na tulong ng estudyante.

SALIGAN NG PAGIGING KARAPAT-DAPAT

- (i) Kailangang pumasa sa means test ang aplikante at maging magulang o tagapag-alaga (tulad ng kinikilal a sa ilalim ng Ordinansa ng Guardianship of Minors, Cap 13) ng mga estudyanteng-aplikante. Kung hindi man, dapat ipaliwanag ng mga aplikante nang detalyado na may katibayan kung bakit hindi ito maaaring masunod sa form ng aplikasyon;
- (ii) Dapat na walang asawa ang mga estudyanteng-aplikante na residente ng Hong Kong, na may karapatan manirahan, karapatan sa lupa o balidong pahintulot upang manatili nang walang anumang kondisyon sa pamamalagi (maliban sa limitasyon ng pananatili) sa Hong Kong. Ang mga estudyante na may hawak na visa ng bisita, two-way exit na mga permit, mga visa ng estudyante lamang o ang mga umaasa sa may hawak ng visa-ng-estudyante / visa-ng-bisita ay hindi karapat-dapat na mag-aaplay para sa tulong pinansyal ng estudyante;
- (iii) Para sa mga aplikanteng-estudyante na pumapasok sa Nursery, Lower at Upper na mga klase sa Kindergarten (K1 hanggang K3), dapat sila ay –
 - hindi bababa sa 2 taon at 8 buwan ang edad sa Agosto 31, 2020 (hal. ipinanganak sa o bago Disyembre 31, 2017); at
 - dumalo sa Nursery, Lower at Upper na mga klase (K1 hanggang K3) sa nakarehistrong mga kindergarten sa Kagawaran ng Edukasyon (EDB). Ang kindergarten ay dapat na isang non-profit na kindergarten, nag-aalok ng lokal na kurikulum sa ilalim ng pamamaraan ng edukasyon ng kindergarten.
- (iv) Para sa mga aplikanteng-estudyante na dumadalo sa Mga Sentro ng Pangangalaga sa Bata (grupo na may edad na 0-2) at Mga Sentro ng Pangangalaga sa Bata (grupo na may edad na 2-3), dapat silang –
 - makakatanggap ng buong-araw na mga serbisyong pangangalaga sa mga sentro ng pag-aalaga sa bata (mga crèche sa araw, mga pag-aalaga sa araw o nauugnay na mga pangkat ng edad sa mga sentro ng pag-aalaga ng kindergarten-cum-bata) na nakarehistro sa Departamento ng Panlipunang Kapakanan (SWD); at
 - ipasa ang means test at ang pagsusuri ng "mga pangangailangang panlipunan" sa loob ng parehong panahon ng pagtatasa upang makwalipika ang kanilang sarili para sa pagbabawa ng bayad; at
- (v) Ang mga paaralan na pinapasukan ng mga estudyanteng-aplikante ay dapat kasama sa tinatayang kategorya sa sumusunod ng mga pamamaraan:

MGA PAMAMARAAN NG PINANSYAL NA TULONG

- Ang Pamamaraang Pagbabawa ng Bayad sa Kindergarten at Pangangalaga ng Bata (KCFR) ay magbibigay sa mga pamilyang nangangailangan ng pinansyal na tulong sa anyo ng pagbabawa ng bayad para sa kanilang mga anak na dumadalo sa mga Nursery, Lower at Upper na mga klase sa mga lokal na non-profit na kindergarten sa ilalim ng pamamaraan sa edukasyon ng kindergarten at/o pagtanggap ng buong araw na mga serbisyo sa pangangalaga ng bata sa mga sentro ng pangangalaga sa bata.
- Ang Kaloob para sa nauugnay-sa-Paaralan na mga Gastos para sa mga Estudyante ng Kindergarten (Grant-KG) ay nagbibigay ng karagdagang kaloob sa mga nangangailangang estudyante na kindergarten na makakapasa sa means test at makakatugon sa parehong saligan ng pagiging karapat-dapat sa ilalim ng pamamaraan ng KCFR upang bayaran ang mga gastos na may kaugnayan sa paaralan na nakamit mula sa edukasyon ng kindergarten sa ilalim ng pamamaraan ng edukasyon ng kindergarten.
- Ang Pamamaraang Tulong sa Aklat sa Paaralan (TA) ay nagbibigay ng tulong sa nangangailangang Primarya 1 hanggang Senior Sekondaryo 3 / Sekondaryo 6 mga estudyante sa pamahalaan, na natulungan, sa bawat caput kaloob na mga paaralan at mga lokal na paaralan sa ilalim ng Pamamaraang Direkta na Subsidiya para sa pagsaklaw sa mga gastos ng mga mahahalagang mga aklat-aralin at mga iba't ibang mga-kaugnay-sa-paaralan na mga gastos.
- Ang Pamamaraan sa Transportasyon ng Estudyante (STS) ay nagbibigay ng tulong na salapi sa transportasyon sa mga estudyante na tumatanggap ng pormal na primarya o sekundaryong edukasyon o dumadalo sa buong-araw na kurso hanggang sa unang digri na antas sa isang katanggap-tanggap na institusyon, na naninirahan sa mahigit 10 minutong paglalakad na layo mula sa paaralan at naglalakbay tungo sa paaralan sa pamamagitan ng pampublikong sasakyan.

- **Ang Pamamaraang Tulong na Salapi para sa mga Bayarin sa Pag-akses ng Internet (Subsidy Scheme for Internet Access Charges (SIA)** ay nagbibigay ng tulong na salapi sa mga pamilyang nangangailangan na ang mga anak ay full-time na mga estudyante na tumatanggap ng edukasyon sa primarya o sekundaryong antas, o full-time na mga estudyante na kumukuha ng Diplomang Yi Jin (DYJ) (kilala bilang Yi Jin Diploma (YJD) bago 2016) mga programa o katumbas na mga kurso ng Konseho ng Bokasyonal na Pagsasanay (VTC) upang matugunan ang mga singil sa pag-akses ng Internet para sa e-learning sa bahay para sa kanilang mga anak. Ang mga karapat-dapat na pamilya ay makakatanggap ng flat-rate cash na kaloob sa batayan ng sambahayan, hindi alintana ang bilang ng mga bata sa pamilya.

MGA KAPARAANAN NG APLIKASYON

Kung nais ng mga pamilya na mag-aplay para sa tulong pinansyal ng estudyante para sa 2020/21 na taon ng paaralan, mangyaring kumpletuhin ang form ng aplikasyon (SFO 106B o SFO 7B) alinsunod sa Mga Tala ng Patnubay sa Aplikasyon ng Sambahayan at isumite ang nakumpletong form ng aplikasyon kasama ang lahat ng mga kinakailangang dokumento ng pagsuporta sa SFO ng direkta sa pamamagitan ng koreo. Bawat pamilya ay dapat magsumite ng isang aplikasyon lamang. Mawawalan ng bisa ang maramihang mga aplikasyon mula sa parehong aplikante. Detalyado sa ibaba ang mga kaparaanan ng aplikasyon –

(i) Naaangkop sa mga Aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong para sa Primarya at Sekondaryong mga Estudyante

Oras	Kaparaanan
Sa o bago matapos ang Mayo 2020	Kinakailangang magsumite ang mga aplikante ng nakumpletong form ng aplikasyon kasama ang pandagdag na form (kung naaangkop) at mga kopya ng nauugnay na mga sumusuportang dokumento sa SFO sa pamamagitan ng koreo, gamit ang naka-address na sobre na ibinigay.
Para sa mga aplikante na binayaran ang Tulong na Aklat-Aralin sa Paaralan sa 2019/20	
Katapusan ng Hulyo / Agosto 2020	Kung ang mga aplikante na nagsumite ng mga aplikasyon sa o bago ang Mayo 31, 2020 ay nakapagbigay ng lahat ng kinakailangang impormasyon na may mga sumusuportang dokumento, nakamit ang pamantayan sa pagiging karapat-dapat at pumasa sa means test, ire-release ng SFO probisyonal na Tulong na Aklat-Aralin sa Paaralan sa <u>pamamagitan ng autopay</u> sa mga karapat-dapat na mga estudyante at Tulong na Pera para sa Bayad ng Pag-akses ng Internet sa karapat-dapat na mga pamilya sa katapusan ng Hulyo / Agosto 2020. Maglalabas din ang SFO ng abiso ng resulta* sa mga aplikante sa bandang Agosto 2020. Ang "Abiso ng pagiging hindi-karapat-dapat" ay ibibigay sa mga pamilyang hindi makapasa sa means test; nabigong magbigay ng kinakailangang karagdagang impormasyon hanggang sa deadline na itinakda ng SFO; o binawi ang kanilang mga aplikasyon.
Magsisimula sa Oktubre 2020	Para sa mga estudyanteng na binayaran ng probisyonal na TA, muling kalkulahan ng SFO at tutukuyin ang halaga ng mga tulong na pera na karapat-dapat para sa mga aplikante at i-release ang natitirang halaga ng tulong na pera sa mga aplikante o bawin ang sobrang bayad mula sa mga aplikante, kapag magagamit ang halaga ng kaloob na aklat-aralin para sa bagong taon ng paaralan (sa mga Oktubre 2020) at ang impormasyon sa paaralan ng estudyanteng-aplikante ay na-verify sa database ng EDB simula Oktubre 2020 .
Para sa mga aplikante na HINDI nabayaran ng Tulong sa Aklat-Aralin ng Paaralan sa 2019/20 o may mga anak na dumadalo sa P1 sa 2020/21	
Agosto 2020	Kung ang mga aplikante na nagsusumite ng mga aplikasyon sa o bago Mayo 31, 2020 ay naibigay ang lahat ng kinakailangang impormasyon na may pagsuportang mga dokumento, ilalabas ng SFO ang "Abiso ng Resulta" *, ang Sertipiko ng Pagiging Karapat-dapat (EC) at ang "Mga Tala ng Patnubay sa Aplikasyon para sa Pamamaraan ng Mga Pinansyal na Tulong" sa mga karapat-dapat na aplikante mula sa Agosto 2020. Ang "Abiso ng pagiging hindi-karapat-dapat" ay ibibigay sa mga pamilyang hindi makapasa sa means test; nabigong magbigay ng kinakailangang karagdagang impormasyon hanggang sa deadline na itinakda ng SFO; o binawi ang kanilang mga aplikasyon.
Setyembre 2020	Ang mga aplikante na tumatanggap ng ECs ay dapat i-verify nang mabuti ang personal na impormasyon at piniling (mga) Pamamaraan na naunang-nakaprinta sa ECs. Dapat ibalik ng mga aplikante ang nakumpleto na ECs sa paaralan kung saan pumapasok ang mga bata <u>sa loob ng isang linggo pagkatapos ng petsa ng pagsisimula ng paaralan o sa loob ng dalawang linggo mula sa petsa ng pag-isyu ng ECs (alinman ang mas nahuli) para sa pagproseso.</u> Ise-certify ng mga paaralan ang istado ng mga estudyanteng-aplikante at pagdalo at pagkatapos ay ipasa ang ECs sa SFO. Sa pangkalahatan, hindi tatanggapin ng SFO ang anumang ECs na isinumite matapos ang deadline.

Okubre 2020 o higit pa	Matapos ma-verify ang ibinalik na ECs, ire-release ng SFO ang pinansyal na tulong <u>sa pamamagitan ng autopay</u> sa mga estudyanteng nakumpirma na maging karapat-dapat para sa kani-kanilang mga Pamamaraan na inaplayan nila.
---------------------------	---

*Para sa mga aplikante na may mga anak na nag-aaplay para sa pinansiyal na tulong para sa pre-primarya na mga estudyante sa 2020/21 nang sabay-sabay, ipapalabas ng SFO ang "Abiso ng Resulta" kasama ng SC sa mga karapat-dapat na pamilya. Para sa mga detalye, mangyaring sumangguni sa mga kaparaanan ng aplikasyon na naaangkop sa pinansiyal na tulong para sa mga pre-primarya na mga estudyante.

(ii) Naaangkop sa Mga Aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong para sa mga Pre-primarya na mga Estudyante

Oras	Kaparaanan
Para sa mga aplikante na nabayaran ng pinansiyal na tulong para sa mga pre-primarya na mga estudyante lamang (hindi kabilang ang mga estudyante na papasok sa P1 sa 2020/21 taon ng paaralan) sa 2019/20	
Sa o bago katapusan ng Hunyo 2020	Ang mga aplikante ay kinakailangang isumite ang nakumpletong form ng aplikasyon kasama ang Form sa Pagtatasa ng Mga "Kinakailangang Panlipunan" (kung naaangkop) at mga kopya ng nauugnay na mga dokumentong sumusuporta sa SFO sa pamamagitan ng koreo, gamit ang naka-address na sobreng ibinigay.
Agosto 2020 o pasulong	Kung ang mga aplikante na nagsumite ng mga aplikasyon sa o bago Hunyo 30, 2020 ay naibigay ang lahat ng kinakailangang impormasyon na may pagsuportang mga dokumento, ilalabas ng SFO ang "Abiso ng Resulta" *, kasama ng mga Sertipiko ng Paaralan (SC) sa karapat-dapat na mga estudyanteng-aplikante simula Agosto 2020. Naaangkop lamang ang nauugnay na SC sa mga estudyanteng-aplikante na lilipat sa ibang paaralan sa 2020/21 na taon ng paaralan, na ang klase at sesyon ay iba mula sa mga naunang naka-print o na nag-aaplay para sa pinansiyal na tulong para sa mga pre-primarya na mga estudyante sa unang pagkakataon. Sa ganitong mga kaso, dapat isumite ng mga aplikante ang SC sa dadaluhang paaralan para sa 2020/21 hangang Agosto 31, 2020 o sa loob ng dalawang linggo mula sa petsa ng pag-isyu ng SC (alinman ang mas nahuli) para sa pagproseso.
Para sa mga aplikante na HINDI na binayaran ng tulong pinansiyal para sa pre-primarya na mga estudyante sa 2019/20	
Hulyo 2020 o pasulong	Ipapamahagi ng SFO ang "Form sa Aplikasyon ng Sambayanan para sa Mga Pamamaraan ng Pinansyal na Tulong sa Estudyante" kasama ang SC sa mga aplikante sa pamamagitan ng mga paaralan at tumanggap ng mga aplikasyon simula Agosto 1, 2020. Dapat ibalik ng mga aplikante ang nakumpletong form ng aplikasyon sa SFO ng direkta sa pamamagitan ng koreo sa lalong madaling panahon at isumite ang SC sa dadaluhang paaralan para sa 2020/21 bago Agosto 31, 2020 para sa pagproseso.

Mga Paalala

- (i) Kung ang kasalukuyang nakatatanggap na mga pamilya ng Kumphensibong Tulong sa Panlipunang Seguridad (Comprehensive Social Security Assistance, CSSA) ay may mga bata na nag-aaral sa mga primarya at sekundaryong paaralan o mga kindergarten at iba pang antas ng klase sa ibaba, dapat silang mag-aplay ng direkta sa SWD para sa tulong na may kaugnayan sa paaralan para sa mga bayarin sa paaralan, mga bayarin sa eksaminasyon, mga gastos sa aklat-aralin at papel, mga pamasaha sa transportasyon, singil sa pag-akses ng Internet sa bahay, atbp. para sa 2020/21 taon ng paaralan. Hindi nila kailangang mag-sumite ng mga aplikasyon sa SFO.
- (ii) Bukod sa pagsusumite ng form na naka-print sa papel, na nagsisimula mula sa taong 2020/21 na taon ng paaralan, ang patuloy na mga aplikante na inisyu ng mga paunang naka-print na form at nagsumite ng electronic application form (SFO 7B (E)) online sa naunang taon ng paaralan ay maaaring pumili upang i-download at isumite ang paunang pinunan na electronic application form (SFO 107B (E)) (hal. ang elektronikong bersyon ng paunang naka-print na form) online. Bukod dito, ang anumang mga aplikante ay maaari ring gumamit ng electronic application form (SFO 7B (E)) upang isumite ang kanilang mga aplikasyon sa online. Magagamit ang mga detalye sa website ng SFO (<https://www.wfsfaa.gov.hk/sfo/en/forms/form.htm>). Kung nagsumite ang mga aplikante ng elektronikong bersyon ng application form sa online, hindi nila kailangang isumite ang papel na application form sa SFO nang hiwalay.

- (iii) Sa ilalim ng normal na pangyayari (maliban sa tulong pinansyal para sa mga pre-primary na mga estudyante), hindi tatanggapin ng SFO ang anumang "Aplikasyon ng Sambahayan para sa Mga Pamamaraan ng Tulong Pinansyal sa Estudyante" na isinumite sa o pagkatapos ng Marso 1, 2021. Ang mga deadline ng aplikasyon para sa mga indibidwal na pamamaraan ng pinansyal na tulong ay nakalista sa sumusunod na talahanayan –

Pamamaraan ng Tulong Pinansiyal	Deadline ng Aplikasyon
Pamamaraan ng Pagbabawa sa Bayad ng Kindergarten at Sentro sa Pangangalaga ng Bata (KCFR)	Dapat isumite ng mga aplikante ang kanilang form ng aplikasyon sa SFO bago makumpleto ang pumapasok na klase sa 2020/21 na taon ng pagpasok o nang hindi lalampas sa Agosto 15, 2021, alinman ang mas maaga. Kung hindi man, ang pagbabawa ng bayad ay karaniwang hindi mairerelase kahit na maipasa nila ang means test at matugunan ang saligan sa pagiging karapat-dapat. Ang epektibong buwan ng pagbibigay ng bayad ay ang buwan kung saan ang mga form ng aplikasyon ay isinumite ng mga aplikante, o ang buwan kung saan ang mga estudyante-na-aplikante ay pinapasok sa kindergarten / mga sentro sa pangangalaga ng bata, alinman ang mas nahuli.
Kaloob para sa mga Gastos na may kaugnayan sa Paaralan para sa mga Estudyante ng Kindergarten (Grant-KG)	Dapat isumite ng mga aplikante ang kanilang form ng aplikasyon sa SFO bago makumpleto ang pumapasok na klase sa 2020/21 na taon ng pagpasok o nang hindi lalampas sa Agosto 15, 2021, alinman ang mas maaga. Kung hindi man, ang Grant-KG sa pangkalahatan ay hindi mababayaran kahit na maipasa nila ang means test at matugunan ang saligan sa pagiging karapat-dapat.
Pamamaraan ng Tulong sa Aklat-Aralin ng Paaralan (School Textbook Assistance, TA)	Dapat isumite ng mga aplikante ang kanilang form ng aplikasyon sa SFO sa o bago Oktubre 31, 2020. Kung hindi man, pangkaraniwang hindi mairerelase ang Tulong sa Aklat-aralin sa Paaralan kahit na pumasa sa menas test at matugunan ang pamantayan ng pagiging karapat-dapat ang mga aplikante.
Pamamaraan ng Tulong na Pera sa Transportasyon ng Estudyante (STS)	Para sa mga aplikante na nagsumite ng kanilang form ng aplikasyon sa o pagkatapos ng Nobyembre 1, 2020, pumasa sa means test at matugunan ang saligan sa pagiging karapat-dapat, ang pagbabayad sa Bayad ng Tulong na Pera sa Transportasyon ng Estudyante (kung naaangkop) sa matagumpay na mga estudyanteng-aplikante ay maaaring magsimula sa petsa ng pagtanggap ng aplikasyon o ang petsa ng pagpasok ng estudyanteng-aplikante sa paaralan (o ang petsa ng paghinto ng CSSA para sa mga estudyante na dating tumatanggap ng CSSA), depende sa mga kalagayan ng indibidwal na mga kaso.
Pamamaraan ng Tulong na Pera Para sa mga Singil sa Pag-akses ng Internet (SIA)	Para sa mga aplikante na nagsumite ng kanilang mga form ng aplikasyon sa petsa na o pagkatapos ng Pebrero 1, 2021, ang porsiyal na pagbabayad ng SIA ay maaaring gawin sa matagumpay na mga aplikante kung pumasa ang mga aplikante sa means test at matugunan ang saligan ng pagiging karapat-dapat.

- (iv) Kikilalanin ng SFO ang pagtanggap ng mga aplikasyon sa pamamagitan ng SMS sa pamamagitan ng mga numero ng mobile na telepono ng mga aplikante sa Hong Kong o nakasulat (naaangkop sa mga aplikante na hindi makakapagbigay ng numero ng mobile na telepono sa Hong Kong). Kung hindi tumanggap ang aplikante ng anumang pagkilala ng resibo ng aplikasyon sa pamamagitan ng SMS o sa pamamagitan ng sulat mula sa SFO sa loob ng 20 araw ng trabaho matapos na isumite ang kanilang form ng aplikasyon, pakitawagan ang inquiry hotline ng SFO (2802 2345) upang suriin kung natanggap ng SFO ang kanilang aplikasyon upang maiwasan ang pagkaantala sa aplikasyon dahil sa mali / hindi matagumpay na paghahatid.

ANG MEANS TEST AT MGA ANTAS NG TULONG

- (i) Gagamitin ng SFO ang mekanismo ng "Inayon na Kita ng Pamilya" (AFI) bilang means test upang tasain ang pagiging karapat-dapat ng isang pamilya para sa tulong pinansiyal ng estudyante at antas ng tulong nito. Ang formula ay ang sumusunod:

$$AFI = \frac{\text{Gross na taunang kita ng pamilya}}{\text{Bilang ng mga miyembro ng pamilya} + (1)}$$

- (ii) Kabilang sa gross na taunang kita ng pamilya ang taunang kita ng aplikante at ng kanyang asawa; 30% ng taunang kita ng walang asawa na anak/mga bata na naninirahan sa pamilya kung naaangkop; at ang kontribusyon mula sa mga kamag-anak/kaibigan kung naaangkop.

- (iii) Ang mga miyembro ng pamilya ay karaniwang tumutukoy sa aplikante, kanyang asawa, walang asawa na anak/mga anak na naninirahan kasama ang pamilya at ang umaasang (mga) magulang na suportado ng aplikante at / o ang kanyang asawa.
- (iv) Para sa mga nag-iisang magulang na pamilya ng 2 hanggang 3 na miyembro, ang "plus 1 factor" sa panghati ng formula ng AFI ay tataas ng 2.
- (v) Ang mga benchmark ng pagiging karapat-dapat sa AFI para sa iba't ibang mga antas ng tulong sa 2020/21 taon ng paaralan ay nakalista sa talahanayan sa ibaba. Pakitandaan na ang AFI ay hindi ang katampatan na buwanang kita ng pamilya.

2020 / 21 taon ng paaralan - Mga Grupo ng AFI (HK \$)	Antas ng Tulong
0 – 41,568	Full/Ganap na Pagbabawa (100%) *
41,569 – 80,378 #	Kalahati / 1/2 na Pagbabawa (50%)
> 80,378	Hindi karapat-dapat (hindi matagumpay ang mga aplikasyon)

* Ang mga hangganan ng AFI para sa buong antas ng tulong para sa 3-miyembro at 4-miyembro na pamilya ay \$50,323 at \$46,297 ayon sa pagkakabanggit sa 2020/21 taon ng paaralan. Para sa mga 2-miyembro na nag-iisang-magulang na pamilya at 3-miyembro nag-iisang-magulang na mga pamilya, sila ay itinuturing na 3-miyembro na mga pamilya at 4-miyembro na mga pamilya ayon sa pagkakabanggit para sa pagtukoy ng hangganan ng AFI para sa buong antas ng tulong at pagkalkula ng AFI.

Para sa pinansiyal na tulong para sa mga pre-primary na mga estudyante, ang antas ng tulong ay 3/4 na pagbabawa (75%) kung ang AFI ng mga pamilya ay nasa pagitan ng \$41,569 at \$50,919; at ang antas ng tulong ay kalahati ng pagbabawa (50%) kung ang AFI ay sa pagitan ng \$50,920 at \$80,378.

PAG-RELEASE NG TULONG NA PERA

- Para sa tulong pinansiyal para sa mga estudyante sa primarya at sekondarya, magpapalabas ang SFO ng tulong pinansiyal sa pamamagitan ng autopay sa mga karapat-dapat na mga aplikante. (Tandaan: Ang probisyon na halaga ng TA at SIA ay karaniwang nire-release sa mga karapat-dapat na aplikante na nagsisimula sa katapusan ng Hulyo / Agosto habang ang STS ay karaniwang nire-release mula Oktubre pasulong. Ang mga bagong aplikante ay karaniwang binabayaran ng mga tulong na pera sa o pagkatapos ng Oktubre.)
- Para sa tulong pinansiyal para sa pre-primary na mga estudyante, ang aprubadong halaga ng pagbabawa ng bayad ay babayaran sa mga kindergarten / kaukulang mga sentro sa pangangalaga ng bata nang direkta sa Tesorerya sa humigit-kumulang na 10 araw ng trabaho matapos ang pag-isyu ng abiso ng resulta sa halaga ng pagbabawa ng bayad. Isasaayos ang mga pagbabayad sa mga aplikante sa pamamagitan ng mga kindergarten / mga sentro ng pangangalaga ng bata. (Tandaan: Babayaran ng SFO ang pagbabawa ng bayad sa matagumpay na mga aplikante sa pamamagitan ng mga kaukulang paaralan at ang Kaloob para sa mga Gastos na may kaugnayan sa Paaralan para sa Kindergarten na mga Estudyante sa Kindergarten sa pamamagitan ng autopay sa account ng banko ng karapat-dapat na mga aplikante bawat batch simula sa pagtatapos ng Setyembre 2020.)

PAGTATANONG

- Para sa mga katanungan na may kaugnayan sa mga pamamaraan ng tulong pinansiyal at mga kaparaanan ng aplikasyon, mangyaring tawagan ang aming 24-oras na hotline ng pagtatanong sa 2802 2345. Kung nais magtanong ang mga aplikante tungkol sa mga bagay ng aplikasyon sa pamamagitan ng paggamit ng etnikong minorya na mga wika (kabilang ang Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai at Urdu) kapag tumawag sa hotline, mangyaring piliin ang opsyon na "Iba Pang Mga Wika" sa pamamagitan ng pagpindot sa '4' matapos maikonekta ang linya ng telepono. Bilang alternatibo, maaaring bisitahin ng mga aplikante ang homepage ng SFO (www.wfsf.gov.hk/sfo) para sa karagdagang impormasyon.
- Maaring makipag-ugnay ang mga aplikante sa Sentro para sa Pagkakaisa at Pagpapahusay ng Etnikong Minorya na mga Residente (Centre for Harmony and Enhancement of Ethnic Minority Residents, CHEER) sa pamamagitan ng telepono kung ang mga serbisyong pagsasalina at interpretasyon sa Ingles at ang mga etnikong minorya na wika ay kinakailangan. Ang mga numero ng hotline ng CHEER ay nakalista sa ibaba – Bahasa Indonesia (3755 6811); Hindi (3755 6877); Nepali (3755 6822) Punjabi (3755 6844); Tagalog (3755 6855); Thai (3755 6866) at Urdu (3755 6833) Maaari ding bisitahin ng mga aplikante ang homepage ng CHEER (www.hks.org/gcb/cheer/cheer-e.html) para sa mga detalye ng mga serbisyo nito.